

COUNTY NG SAN DIEGO

TAGAPAGREHISTRO NG MGA BOTANTE

5600 OVERLAND AVENUE, SUITE 100, SAN DIEGO, CA 92123

Telepono (858) 565-5800 Fax (858) 505-7294 TTY/TDD (800) 735-2929

PORMA NG PIRMA AT PAHAYAG NG BERIPIKASYON

PAUNAWA: ANG ISA SA MGA SUMUSUNOD AY NAAANGKOP SA INYO:

HINDI NINYO NAPIRMAHAN ANG INYONG SOBRE NG IDENTIPIKASYON NG PAGBOTO-SA-KOREO O PROBISYONAL NA BALOTA, O

ANG INYONG PIRMA AY HINDI MABERIPIKA SA INYONG SOBRE NG IDENTIPIKASYON NG PAGBOTO-SA-KOREO O PROBISYONAL

BASAHING MABUTI ANG MGA SUMUSUNOD NA IMPORMASYON BAGO KUMPLETUHIN ANG PORMANG ITO. ANG PAGKABIGONG SUMUNOD SA MGA INSTRUKSYONG ITO AY MAAARING MAGING DAHILAN NG HINDI PAGBILANG NG INYONG BALOTA.

Ang pormang ito ay dapat kumpletuhin ng botante at ibalik sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng hindi lalampas ng **ika-5 ng hapon (Pacific Standard Time) sa Ika-16 ng Nobyembre, 2021**. Dapat ninyong punan ang pormang ito nang kumpleto at ilagay ang inyong pirma.

Maaari ninyong ibalik ang pormang ito sa pamamagitan ng:

- **PAGPUNTA nang personal sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante** upang pirmahan ang inyong orihinal na Sobre ng Identipikasyon ng Pagboto-Sa-Koreo o Probisyonal na Balota o pag-drop-off ng pormang ito, Lunes hanggang Biyernes ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
O
- **PAGPAPAKOREO** ng pormang ito sa aming opisina. Ang inyong pinirmahang Porma ay dapat matanggap sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng hindi lalampas ng ika-5 ng hapon sa Ika-16 ng Nobyembre, 2021 (*Hindi Tinatanggap ang Postmark*). Kung ibabalik ninyo ang pormang ito sa pamamagitan ng koreo, kailangan ninyong lagyan ng postage ang sobre.
O
- **PAG-DROP-OFF** ng inyong pinirmahang porma sa isang lokasyon ng pagboto o sa itinalagang mail ballot drop-off site sa County ng San Diego bago ang ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon, Ika-2 ng Nobyembre, 2021.
O
- **PAG-FAX** ng pinirmahang Porma sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa (858) 505-7294.
O
- **PAG-EMAIL** ng pinirmahang Porma sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa VoteByMail@sdcountry.ca.gov.

Ako, _____, ay isang nakarehistrong botante ng County ng
(I-print ang Pangalan ng Botante)

San Diego, Estado ng California. Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng panunumpa ng walang katotohanan (perjury) na humiling at ibinalik ko ang pagboto-sa-koreo o probisyonal na balota at na hindi pa ako at hindi boboto nang higit sa isang balota sa eleksyong ito. Ako ay isang residente ng presinto kung saan ako bumoto, at ako ang taong makikitang nakapangalan sa Sobre ng Identipikasyon ng Pagboto-Sa-Koreo o Probisyonal na Balota. Nauunawaan ko na kapag ako ay nakagawa o nagtangka ng anumang pandaraya na may kinalaman sa pagboto, o kapag ako ay tumulong o isang kasabwat sa pandaraya o nagtangka na tumulong o maging kasabwat sa pandaraya na may kinalaman sa pagboto, ako ay maaaring mahatulan ng isang peloni na may parusang pagkakakulong nang 16 na buwan o dalawa o tatlong taon. Nauunawaan ko na ang aking pagkabung mapirmahan ang pahayag na ito ay nangangahulugan na ang aking pagboto-sa-koreo o probisyonal na balota ay hindi karapat-dapat na mabilang.

KUMPLETUHIN ANG LAHAT NG IMPORMASYON

PIRMA NG BOTANTE: _____ PETSAS: _____

HUWAG I-PRINT (Hindi maaaring tanggapin ang Power of Attorney)

PIRMA NG SAKSI, kung kinakailangan: _____

(Kung hindi makapirma ang botante, siya ay maaaring gumawa ng isang markang sinaksihan ng isang taong mahigit sa edad na 18 taon.)

NAKAREHISTRONG ADRES NG TIRAHAN: _____

(Adres ng Kalye)

(Lungsod)

(Estado)

(Zip Code)

FOR VOTE-BY-MAIL STAFF USE ONLY

AVID#: _____ Initials: _____ Return Date: _____